

KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koreyano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail: kiankawasaki@kian.or.jp

Ligtas ba kayo noong nakaraang bagyo ?

Mula sa buwan ng Agosto-Oktubre, ito ang panahon ng bagyo sa bansang hapon. Malakas na hangin at matinding ulan, posibilidad na mawalan ng ilaw, maaaring maatraso o tumigil ang mga bus at tren.

Mapapanatag ang sarili kung maghahanda para sa pagdating ng Bagyo.

- Mga dapat suriin (check) o ihanda bago dumating ang bagyo.
 - Naisasara bang mabuti ang bintana o panangga ng bintana ?
 - Nakakabit ba ng sapat ang mga TV antenna sa labas para hindi liparin ng malakas na hangin?
 - Ang mga basurahan, masetera, sampayan sa beranda at hardin ay dapat ilagay sa loob ng bahay o falian.
 - Ilagay sa isang lugar ang emergency kit? (Flashlight, Portable radio, First-aid box, Inuming tubig, kandila, Posporo o panindi, pagkain, atbp...)
 - Nasaan ang pinakamalapit na evacuation center ? Tignang mabuti o alamin ang daan papunta roon.



[Magtanong sa mga nalalapit na munisipyo o opisinang pampamahalaan]


■ Ang mga dapat ingatan kung papalapit na ang bagyo.

- Mag-ingat sa mga impormasyon ukol sa lagay ng bagyo ⇒ antabayanan ang bagong balita sa TV o sa radyo.
- Iwasang lumapit sa mga delikadong lugar. Delikado kapag umapaw ang tubig sa ilog. Iwasan din ang mga bangin at bundok na maaring gumuho (landslide, mudslide).
- Kapag papalapit ang kalamidad at pinagsabihang lumikas o mag-evacuate, sumunod kaagad. Sa paglikas/evacuate, bawasan ang dami ng dalahin at pasanin sa likod para maging libre ang dalawang kamay. Maglakad sa paglikas.

Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Association

• Oras (mula 10:00-12:00 , 13:00-16:00) Telepono 044-435-7000

Wika	Araw	Wika	Araw
Ingles	Lunes -Sabado	Intsik	Martes • Miyerkoles • Biyernes
Portuges	Martes • Biyernes	Espanyol	Martes • Miyerkoles
Koreano	Martes • Huwebes	Tagalog	Martes • Miyerkoles



• Kawasaki Ward Office (Libre)

• Asao Ward Office (Libre)

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at ikatlong Huwebes	14:00-16:30
Intsik	Una at ikatlong Martes	14:00-16:30
Tagalog	Una at ikatlong Martes	9:30-12:00

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at ikatlong Huwebes	9:30-12:00
Intsik	Una at ikatlong Martes	9:30-12:00
Tagalog	Una at ikatlong Miyerkoles	14:00-16:30

* Libreng konsultasyon sa Gyoseishoshi (wikang Hapon) Saan: International center 2nd floor conference room

• Araw at oras: Ika -16 ng Okutubre, Linggo 14:00-16:00 (Kailangan ang reserbasyon para sa interpreter.)

..... **Kurso ng Wikang hapon sa Kawasaki International Association**

<p>"Masaya at kapaki-pakinabang na wikang hapon para sa mga dayuhan" II semester ay nagsimula noong Septyembre ! •Sa Kawasaki International Center •Mga 5~6 estudyante sa isang klase. • Hindi lamang pag-aaral ng Nihonggo kundi pati may ibento para pag-aaral ng kulturang Hapon o Kawasaki city. ★Pang-umagang kurso Martes at Biyernes 9:50-11:50 II sem :Septyembre/20(Tue) hanggang Disyembre/6(Tue) 11,000 yen (22 beses) III sem :Enero/13(Fri) hanggang Marso/9, 2011(Fri) 8,500 yen (17 beses) * May libreng pa-alagaan ng bata (mula isang taong gulang) habang nag-aaral ★Pang-gabing kurso Miyerkoles 18:30-20:30 (Walang pa-alagaan ng bata) II sem :Septyembre/7 hanggang Disyembre/21 7,500 yen (15 beses) III sem :Enero/11 hanggang Marso/7 2011 4.500 yen (9beses)</p>	<p>•May level check exam para sa mga nakakabasa na ng "Hiragana" at "Katakana" •Sa beginner's class gagamitin ang textbook na 'NIHONGGO 160 JIKAN I , II (ginawa ng boluntaryong guro sa International Center ¥1,200 bawat isa) ↓ •Kailangan ng tuition fee at pambayad ng textbook. ★Paunawa: hindi na maibabalik ang tuition fee kapag binayad na.</p>
--	---

Pagpapatala sa Pampublikong Paaralan ng Elementarya sa Kawasaki City
~Paalala para sa pag-aaplay~

1. Kung nais mag-enroll ang mga batang dayuhan sa elementary school, kailangang isagawa ang hakbang sa pag-aaplay.(Mangyaring makipag-ugnay sa ward office, Kumin-Ka , Kumin- Gakari para sa mga batang kararating sa bansang Hapon.)
2. Puwedeng pumasok sa school year 2012 ang mga batang ipinaganak mula ika-2 ng Abril, 2005 ~Una(1) ng Abril,2006.
3. Makakapasok ang mga mag-aaral mayroon man o walang visa
4. Ang mga kailangan ay: 1,Shugaku Shinsei Sho/enrollment application form (makukuha ang papel na ito sa ward offices, at mga sangay nito pati na sa opisina ng elementarya)2, Dokyumento na nagpapatunay ng tirahan at edad.
5. Katanugan: Sa Ward office 'Kuyakusho, Kumin-ka, Kumin gakari' o Sangay ' Shisho, Kumin center, Kumin gakari' ' o Local office ' Shucchojo, Kumin daiichi gakari'
 * Tinatanggap ang aplikasyon sa pagpapatala(enrollment) kahit kailan.
 Sa kadahilanang may health check-up, mangyaring mag-aplay hanggang **ika-13 ng Oktubre (Huwebes)** para sa mga grade 1. Ang aplikasyon o inpormasyon ukol sa junior high-school ay magsisimula sa Disyembre.



Ang paraan ng pagpapa-health check-up bago pumasok sa paaralan.

Ang health check-up para sa mga batang nais pumasok sa Pampublikong Paaralan ng Elementarya (Grade 1) sa susunod na taon ay gaganapin mula Una (1, Martes) hanggang ika-30 (Miyerkules) ng Nobyembre sa mga paaralang elementarya. Kung nais, magpa-check-up, mangyaring makipag-ugnay sa sumusunod na katanugan para padadalhan ng Poskard ng araw at lugar ng check-up.
[katanugan]: Kyoiku linkai Kenko Kyoikuka TEL:044-200-3293 FAX:044-200-3950

Woman's Medical Check-up para sa mga dayuhang babae

[Kailan]: Ika 29 ng Oktubre (Sabado) 13:30~15:00
[Saan]: Minatomachi clinic 2F Yokohama city Kanagawa ward. Kinko cho 7-6 sa tabi ng Yoyogi Seminar bldg.
[Paano pumunta]: 1 min lakad mula sa Kanagawa sta.(keihin kyuko line) or 7 minutong lakad mula sa North east exit A ng JR Yokohama station.
[Kategoriya ng pagsusuri]: Pap smear(pagsusuri para sa cancer ng cervix at uterus)
 Pelvic ultrasound (pagsusuri para sa parteng pang-gynekolohikal ng babae, Pagsusuri para sa Chlamydia (ordinaryong STD na maaaring magsanhi ng matindi na pagsakit sa puson at pagkabaog
[Halaga]: ¥5,000 (para sa 3 testing. Parehong presyo mayroon man o walang health insurance)
[Salin-Wika]: Ingles, Tagalog, Koreano, Thai, Espanyol, Portuges, Burmese
[Katanugan]: MF-MASH Minatomachi Clinic (Minatomachi shinryojo) 045-453-3673
 Lahat ng empleyado na mag-susuri ay babae. Ang resulta ay ipapadala kahit saang address na nais ninyo.
 Hindi pahihintulutan ang mga kalalakiang makapasok sa loob ng pasilidad maliban sa mga binatilyong may labindalawang taong gulang pababa.

" Ika-34 Pagdiriwang ng Mamamayan ng Kawasaki"Kawasaki shimin matsuri
(Pinaka-malaking piyesta sa buong Kawasaki city)

[Kailan]: mula Ika-4 (Biyernes) -Ika 6 (Linggo) ng Nobyembre 10:00~16:30
[Saan]: Sa buong Fujimi-Koen/Fujimi park ng Kawasaki ward
[paano pumunta]: 15 minutong paglalakad mula sa JR/Keikyu Kawasaki station
[nilalaman]: Mga restoran, tindahan , sayawan at tugtugan ng iba't ibang bansa, at marami pang iba!
 Mayroon ding corner ng International exchange. Ang parada ay magsisimula mula alas 11:00 ng Ika 6 ng Nobyembre.
[katanugan]: Ika-34 Pagdiriwang ng Mamamayan ng Kawasaki executive committee (bukas:9:00~17:00 ng weekdays)
 TEL:044-200-2308 FAX:044-245-50770

★★

Kawasaki Halloween 2011

Kailan : ika-22 ng Oktubre (Sabado)~ika-30 ng Oktubre(Linggo)
 Saan : Sa paligid ng JR Kawasaki Station , La cittadella

Multikulturang pagdiriwang sa Mizonokuchi 2011

Kailan : Ika-22 ng Oktubre(Sabado) 10:30-15:00
 Saan : Mizonokuchi NOCTY2(Marui) sa bubong (rooftop) & 2F
 Transportasyon : 2min mula sa Mizonokuchi Station